PhilRice Magasin

Inilalathala ng Department of Agriculture -
Philippine Rice Research Institute
2 beses bawat taon

DISKARTENG WAGI SA EL NIÑO

SUBUKAN!

ISSN 0254-1311
VOL. 4 NO. 2
Hulyo-Disyembre 2023

PABALAT

Sadyang hindi natin mapipigilan ang pagdating ng El Niño. Ngunit maaari nating mapaghandaan ito sa paraang PISIKAL, MENTAL, EMOSYONAL, PINANSYAL, at maging ESPIRITWAL.

Sa paghahanda, mas malaki ang tyansa na maiwasana ang matinding pinsalang hatid nito.

Kaya naman, hangad namin na subukan nyo ang aming mga rekomendasyon nang masigurado pa ring kikita sakali mang matindi ang pinsalang mararanasan ng ating palayan.

2017 BINHI MAGAZINE OF THE YEAR

2015 BINHI AGRI NEWSLETTER OF THE YEAR

2016 BINHI MAGAZINE OF THE YEAR

www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com
0917-111-7423
PhilRice TV
DA-PhilRice

NILALAMAN

4 IKINAGANDA ANG PAGPAPALIT KALENDARYO

6 MAGALING SA PAGSASABOG-TANIM

8 HANDA KA NA BA?

10 KAYAMANANG HINDI MALULUSAW

12 MALASAKIT SA KAPWA, PABOR SA PALAY

14 BUKOD SA PALAY, KUMITA RIN SA GULAY

16 IWAS BOKYA 'PAG MAY CROP INSURANCE

18 BAHALA ANG "GINOO"

Editor-in-Chief: Hazel V. Antonio
Associate Editor: Charisma Love B. Gado-Gonzales
Managing Editor: Christina A. Frediles
Writers/Photographers: Anna Marie B. Berto • Carlo G. Dacumos • Christina A. Frediles • Christine Mae A. Nicolas • Hanah Hazel Mavi B. Manalo • Joshua P. Mendoza • Kiara Mae E. Panyo • Minard F. Pagaduan • Reuel M. Maramara • Vanneza B. Isidro • Fredierick M. Saludez • Jaime F. Miguel III • Yobhel Louisse P. Beltran • Mary Anjaylyne Cataraja • Rhea R. Guinita
Design/Layout/Infographics: Sarah Joy N. Ruiz
Circulation/Administrative Support: Derwin J. Villena
Consulting Editor: Constante T. Briones
Editorial Advisers: John C. de Leon • Karen Eloisa T. Barroga • Flordeliza H. Bordey

Maaaring kopyahin at ipamahagi ng mga mambabasa ang mga nilalaman ng magasing ito, kilalanin lamang ang DA-PhilRice. Gayundin, hinihikayat ang sinuman na magpadala ng artikulo (600-800 na salita kalakip ang 4-5 larawan) at magmungkahi ng tema o mga istorya ng indibidwal o grupo na may kinalaman sa pagsasaka. Maaaring ipadala ang mga ito sa prri.mail@philrice.gov.ph o philricenews@gmail.com; o sa THE EDITOR, DA-PhilRice Magasin, Development Communication Division, PhilRice, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija.

MAHALAGA ANG IYONG OPINYON!

Sagutan ang *survey*. I-*scan* ang *QR code* sa pabalat ng magasin gamit ang *camera* ng iyong *cellphone* na may *internet*. Maaaring manalo ng libreng *e-load*.

MULA SA EDITOR

SAMA-SAMANG PAGHAHANDA SA EL NIÑO:

Mula mental hanggang espiritwal

Tinataya ng PAGASA na mananalasa ang El Niño hanggang Hunyo 2024. May makararanas ng matinding tuyot; pabugso-bugsong malalakas na ulan ang iba.

Hindi mapipigilan ang El Niño ngunit maaari nating mapaghandaan nang hindi tayo tuluyang mabokya sa pagsasaka. Sabi nga nila, bihira ang nagtatagumpay na hindi lumalaban. Kapag puro takot at walang aksyon, talo na agad. Paghahanda na nagsisimula sa sarili hanggang sa emosyonal, mental, pinansiyal, at maging espiritwal na antas ang kailangan.

Para sa mental, mga teknolohiya sa pagpapalayan laban sa El Niño ang asahan. Palit-kalendaryong pagsasaka ang tinatahak ng mga taga-Bukidnon: maagang pagtatanim nang maunahan ang tuyot bago pa man bumalandra. Nariyan din ang diskarteng reserbang bomba sakaling kailanganin. Mayroon din silang *rainwater harvesting facility* na bukod sa kuhanan ng tubig ay kargado rin ng isda.

Kilatisin din ang subok nang *direct seeding* o pagsasabog-tanim ng mga paagang barayti ng mga taga-Kalinga sa Cordillera. Gamit ang makinang drumseeder, maghapon lang ay tapos na ang isang ektaryang bukid na 2 tao lang ang kakailanganin. Huwag maliitin ang pagdalo sa mga pagsasanay at patuloy na pagkalap ng praktikal na impormasyon gamit ang YouTube, Facebook na siya namang pinagkakaabalahan ng mga taga-Alangalang, Leyte.

Para naman sa emosyonal na paghahanda nang maibsan ang kirot sa puso mula sa pagsasaka, payo naman namin na ugaliing ibahagi ang patubig sa kapwa sa halip na kamkamin. Sa teknolohiyang *Alternate Wetting* and *Drying* ay maiiwasan mo na ang sama ng loob ng may-ari ng katabi mong palayan, iwas din sa masamang epekto sa iyong palayan ang sobra-sobrang tubig. Yan naman ang pinaniniwalaan ng mga taga-Maria Aurora, Aurora.

Mahalaga ang ating bulsa o ang pinansiyal na paghahanda. Kaya bukod sa palay, sabayan din ng gulay at pag-aalaga ng hayop. Pang-ulam na, may laman-pitaka pa. Pormula ito ng mga magsasaka mula sa Polillo Island, Quezon. Huwag mo rin tantanang ipaseguro ang iyong palayan nang may bibilanging tulong-pinansyal sakali mang lupaypay ang palayan. Yan naman ang matagal nang tatak ng mga taga-Northern Samar. Siyempre, huwag pabayaan o abusuhin ang katawan. Upang makapagtrabahong matikas sa bukid, iwasan ang sakit at karamdaman. Huwag sagarin ang katawan sa pagod at baka mapaaga ang paglipat sa kabilang buhay.

Kasing-halaga ng lahat, paghandaan ang El Niño sa aspetong espiritwal. Magkakaiba man ang pagsamba, iisa lang din naman ang ninanais. Manalangin na maging menos-gastos at MASAGANA ang ani. Huwag tawaran ang ilang mga ritwal na magpasahanggang ngayon ay isinasagawa ng tribong Panay-Bukidnon sa Lambunao, Iloilo.

Nawa makatulong ang mga PISIKAL, MENTAL, PINANSIYAL, EMOSYONAL, AT ESPIRITWAL na paghahanda sa El Niño nang sabay-sabay nating mapagwagian ang mga pagsubok na hatid nito.

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
MENTAL

Ikinaganda ang PAGPAPALIT KALENDARYO

JOSHUA P. MENDOZA

KIARA MAE E. PANYO

Marso 2023 pa lang ay binalangkas na ng Cabanglasan Farmers' Small Water Irrigation System Association o CAFSWISA sa Bukidnon ang mainam na panlaban sa mga hamon ng El Niño. Batid kasi ng mga kasaping magsasaka ang panganib sa kanilang mga palayan. Buo ang kanilang loob na pagsama-samahin ang mga diskarte laban sa matinding tuyot. Nais nilang lahat ay mabahaginan ng kaalaman at upang maiwasan ang lubhang pagbaba ng aanihing palay.

Sa pangunguna ng kanilang pangulong Leonilo O. Arcadio, 49, at ni Danilo L. Gonzales, 41, miyembro ng kanilang *Board of Trustees,* nailatag sa grupo ang mga tumpak na gagawin nang mapagtagumpayan ang El Niño.

"Palit kalendaryo" sa pagsasaka

Kung dati ay Hulyo ang simula ng kanilang taniman, ngayon ay Abril pa lamang naihanda na nila ang lupa. Sa kalagitnaan ng Mayo, karamihan ay nakatanim na at bandang Agosto naman ay anihan na.

Paliwanag ni Leonilo, mainam kung agahan ang pagtatanim. Huminto man ang ulan mula dulo ng Hunyo hanggang unang bahagi ng Hulyo, makakapag-ani pa rin dahil ang kanilang dam ay may tubig pa.

"Bagamat 90% ng 50 na miyembro ang nakiisa sa pagrerebisa ng kalendaryo ng pagtatanim, hindi pa rin maiiwasan na may natakot sa isinagawang hakbang ngayong El Niño at hindi sumabay ng tanim," pahayag naman ni Leonilo.

Diskarte sa patubig

Naghanda rin ng reserbang bomba ang mga taga Cabanglasan. "Sakaling mabitin sa tubig sa panahong namumulaklak ang mga palay ay mabuti nang nakaabang ang bomba", paniniguro ni Leonilo. Natuto na daw sila sa nakalipas na El Niño; minsan lang sila umani sa isang taon dahil sa kawalan ng ulan," pag-amin ni Leonilo.

Sinegundahan ng mga miyembro na dapat may bomba dahil kapag mababa na ang tubig sa dam ay hindi na ito aagos sa kanilang kanal. Bomba ang mag-aahon ng tubig para sa mga palayang nangangailangan.

Bukod sa bomba, mayroon ding *rainwater harvesting facility* o

KIARA MAE E. PANYO

Bukod sa patubig, napapakinabangan din ng CAFSWISA ang pinaliit na dam sa pagpaparami at pagbebenta ng tilapia.

Leonilo Arcadio, 49
CAFSWISA President

> **Sakaling mabitin sa tubig sa panahong namumulaklak ang mga palay ay mabuti nang nakaabang ang bomba.**
>
> -Leonilo O. Arcadio

pinaliit na dam ang CAFSWISA. Kargado ito ng tilapia na binebenta bilang panustos sa mga bayarin ng grupo. Nagagamit din ang pasilidad bilang dagdag patubig.

Iba pang paraan

Para kay Leonilo, mahalaga ang palagiang pagsubaybay sa balitang panahon. Gabay nila ang mga ulat sa radyo at TV upang maiwasan ang sobrang pasakit ng El Niño.

Bilang magbubukid, kinaugalian na niya ang pakikinig sa ulat ng panahon. Maraming beses na nya umanong naisalba ang kanyang palayan laban sa mapaminsalang ulan at bagyo sa tulong ng mga balita. Sa panahon ngayon ay may ulat-bagyo/ulan na rin sa mga *social media platform* gaya ng Youtube.

Ayon kay Leonilo, pinaplano na rin ng grupo ang pagtatanim ng melon o munggo, at iba pang halaman na hindi gaanong matakaw sa tubig.

Sa kasalukuyan, hindi pa gaanong nadarama ng CAFSWISA ang masamang epekto ng El Niño ngunit kampante silang hindi na sila mabibigla pagdating nito. Magpupulong sila agad kung kailangan, upang pag-usapan ang mga angkop na lunas na kanilang ipatutupad. ◘

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
MENTAL

PHILRICE PHOTO

Dalawang taon nang gumagamit ng 40 kilong binhi si Tatay Solinto B. Tolne gamit ang *drumseeder*, kaya naman sa *direct seeding* ipinagmamalaki nyang nakatipid na sya sa gastos, at mas naging produktibo pa ang kanyang pagsasaka.

Magaling sa PAGSASABOG-TANIM

MINARD F. PAGADUAN, VANNEZA B. ISIDRO, AT MARY ANJAYLYNE CATARAJA

Bukod sa sipag at tiyaga, sandata rin ang pagiging maparaan sa pagpapalayan lalo na at may nagbabantang tuyot o El Niño.

Halimbawa ang paggamit ng mga paagang barayti tulad ng NSIC Rc 222 na mas maagang maaani bago pa man makapaminsala ang matinding tuyot. Matimbang din ang bentahe ng paggamit ng makina sa pagtatanim.

Kailangang maingat na planuhin ang mas maagang pagtatanim nang mailihis sa nakapapasong problema dulot ng El Niño.

Combo sa pagtatanim

Rc 222 ang malimit itanim ni Mang Solinto B. Tolne, 59, mula sa Cabaruan, Tabuk City, Kalinga. Aniya, bukod sa maagang paggulang, matibay pa ito sa sakit at mataas umani.

Drumseeder ang makinang pantanim ni Mang Solinto na una niyang nasubukan noong 2022 sa ilalim ng proyektong PalaySikatan. Pag-alala niya, wagas na napabilib siya ng drumseeder na nagpabago sa kanyang matagal nang gawi na paglilipat-tanim.

Matipid din ang drumseeder; umaabot lamang ng P10,000 kada ektarya kumpara sa lipat-tanim na nasa P20,000 kung isasama ang iba pang gawaing-bukid na kaakibat nito.

> **Ang laki ng natipid ko. Kung dati ay problema ko ang laki ng gastos, ngayon nakatitipid ako ng higit P10,000 kada ektarya, kaya sa *direct seeding* na ako, gamit ang *drumseeder*.**
>
> -Solinto B. Tolne

Ayon kay Michelle D. Lumas-i, *rice coordinator* ng Tabuk City, hindi madali ang paghahanap ng manananim sa kanilang lugar. Minsan nga ay naaantala ang pagtatanim dahil kinakailangan pang kumontrata ng magtatanim mula sa mga karatig bayan. Dahil dito, obligadong taasan ang bayad sa mga magtatanim.

Mga pakinabang ng *direct seeding*

Kwento ni Mang Solinto, malaki ang tulong ng pagsali sa mga pagsasanay at techno-demo na isinasagawa ng *Department of Agriculture*. Bukod sa mga natutuhan niya sa paghahanda ng lupa, pag-iwas sa mga peste, at wastong paggamit ng pestisidyo, malaking bagay na naituro sa kanya at patuloy na isinasagawa niya ang paggamit ng tamang dami ng binhi sa pamamagitan ng *drumseeder*. Kanyang napagtanto na sobra-sobra ang paggamit niya ng binhi sa mga nakaraang panahon.

"Nagsasabog ako dati ng 80 kilong binhi kada ektarya, pero nung nakasama ako sa PalaySikatan, nalaman ko na kasyang-kasya pala ang 40 kilo lang. May tukoy pang pagitan ang mga tanim para lumaki nang maayos at mabulas," sambit niya.

Dagdag pa ni Mang Solinto, kapansin-pansin din ang pagbaba ng kanyang gastos sa pagsasaka mula nang siya ay gumamit ng drumseeder.

"Ang laki ng natipid ko. Kung dati ay problema ko ang laki ng gastos, ngayon nakatitipid ako ng higit P10,000 kada ektarya, kaya sa *direct seeding* na ako, gamit ang *drumseeder*," paninindigan niya.

Payong kapatid ni Mang Solinto sa kapwa niya magsasaka na huwag matakot sumubok ng bago — na tulad nya'y sumugal sa paggamit ng makina at napapanahong barayti ng palay. Ilang dekada rin siyang kumapit sa "palit binhi" sa paraang manu-mano.

MGA MAKINANG GINAGAMIT SA *DIRECT SEEDING*

Para sa tuyong lupa

Multi-crop reduced-till planter

Multi-purpose seeder

Para sa basang lupa

Drumseeder

Seed spreader


Precision seeder

Drone seeder

MGA BARAYTING SUBOK NA SA *DIRECT SEEDING*

Para sa tuyong lupa

- ✓ NSIC Rc 480, Rc 420, Rc 416, Rc 346, Rc 286, at Rc 27

Para sa basang lupa

- ✓ NSIC Rc 510, Rc 506, Rc 480, Rc 436, Rc 298, Rc 222, at Rc 216.

Handa ka na ba?

Ramdam na nga ang kakaibang alinsangan at buhos ng malalakas na ulan ngayong dumating na ang El Niño sa ating bansa. Ayon sa PAGASA, maaaring tumagal hanggang Hunyo 2024 ang pananalasa nito.

Christina A. Frediles

TIPS NANG MAKASABAY SA EL NIÑO

PISIKAL NA PAGHAHANDA

Nang ganadong magtrabaho sa bukid, pangalagaan ang katawan laban sa sakit at karamdaman.

- ✓ Uminom ng 8-10 basong tubig araw-araw o habang nauuhaw.
- ✓ Huwag magpalipas ng gutom.
- ✓ Magsuot ng mas komportableng damit.
- ✓ Huwag sagarin ang katawan sa pagod; magpahinga.
- ✓ Iwasang magbabad sa araw mula 10 a.m. hanggang 3 p.m.
- ✓ Mag-ingat sa *heat stroke*, pulikat, matinding pagkapagod, labis na pagdudumi, at sakit sa balat.

EMOSYONAL NA PAGHAHANDA

Mabigat sa kaibuturan kung may kaalitan habang nagsasaka. Sabi nga, mas masarap magtrabaho kung walang pasaway at kasamaan ng loob.

- ✓ Magbahaginan ng tubig. Subukan ang konseptong *Alternate Wetting and Drying*. Sa tulong ng *observation well*, malalaman mo kung dapat nang lubog o litaw pa ang palayan. Tandaan, masama sa palay ang sobrang tubig at makakasama rin sa loob ng kapwa mo kung iipitin mo ang tubig.

EPEKTO NG EL NIÑO SA PALAY

- Sa bawat isang guhit (1°C) na pag-init ng temperatura, maaaring 85 sako na lang sa halip na 100 sako ang aanihin.
- Hirap magsuwi at bansot ang palay kung lubhang mainit ang temperatura. Iindahin ito ng palay hanggang sa pag-uhay.
- Tulyapis o payat ang mga butil kapag paulit-ulit na nalantad sa init ng araw na 36°C pataas.
- Mamulaklak man ang palay, maaaring hindi magkalaman ang mga butil.
- Sa panahon ng paghinog, pangit ang kalidad at magaan ang mga butil.
- Naaapura ang paggulang ng palay kung kaya bumababa rin ang ani.

MENTAL NA PAGHAHANDA

Palawakin ang kaalaman tungkol sa mga makabagong pamamaraan upang maisalba ang palay laban sa matinding tuyot.

- ✓ Magpalit-kalendaryo sa pagsasaka. Ityempo ang pagtatanim nang makaani bago maminsala ang matinding tuyot.
- ✓ Magpundar ng bomba sakaling kulangin ang tubig sa dam.
- ✓ Magtayo ng *rainwater harvesting facility* na pwedeng kargahan ng isda at pang-irigasyon.
- ✓ Gumamit ng paagang barayti upang maunahan ang matinding tuyot. Subukan rin ang mga barayting matibay sa tuyot.
- ✓ Mag-*direct seeding* nang matipid sa tubig sa paghahanda ng lupa.
- ✓ Dumalo sa mga pagsasanay o seminar nang makapulot ng mga diskarte sa El Niño mula sa pagpili ng binhi hanggang pagsisinop ng ani.
- ✓ Mag-*text* o tumawag sa [0917 111 7423] kung may lilinawin sa pagpapalayan, at bisitahin ang DA-PhilRice facebook page.
- ✓ Palaging makinig o magbasa ng mga pagtaya ng panahon upang maplano ang mga gagawin sa bukid.

PINANSIYAL NA PAGHAHANDA

- ✓ Huwag piliting magtanim ng palay sa mga lugar na hindi sapat ang tubig.
- ✓ Magtanim ng mga halamang ma-presyo (pakwan, mani, melon), o mga halamang matipid sa tubig (kamote, kamoteng-kahoy/baging, at munggo).
- ✓ Ipaseguro ang pananim nang hindi mabokya nang husto sakaling masalanta ang palayan.

ESPIRITWAL

- ✓ Tugunan ang espiritwal na pangangailangan ng kaluluwa. Iba-iba man ang tawag, iisa lang ang dasal at panalangin ng bawat magsasaka: gabay sa pagsasaka at kaligtasan sa anumang sakuna o kalamidad. Mayroon ding mga ritwal nang nakasanayan ang mga magsasaka tulad ng pagtatanim sa kabilugan ng buwan.

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
MENTAL

KAYAMANANG hindi malulusaw

KIARA MAE E. PANYO

Halos walang inani sina Maria Althea B. Aling, 44, mula Alangalang, Leyte nang umatake sa kanilang palayan ang *stemborer*. Maging mga daga at damo ay tila nagpiyesta rin sa kanilang palayan noong 2022.

Ngunit ngayong 2023, handang-handa nang sumagupa si Maria sa mga hamon ng pagsasaka, kasama na ang kinakaharap na El Niño. Kwento niya, handa na ang kanyang sandata. Salamat sa pagsasanay na kanyang dinaluhan, pati mga impormasyong pang-agrikultura na makikita sa Facebook na siyang humuhubog sa mas matikas na magsasakang si Maria.

Sandata sa pagsasaka

Bukod sa lakas ng loob, mataimtim na pananampalataya, at mga pampaswerte ay mainam rin na mapalawak ang kaalaman sa mga teknolohiyang gagabay sa iyong pagsasaka.

Pagbabalik-tanaw ni Maria, isa siya sa nakakuha ng pinakamababang marka sa *pre-test* ng ginanap na *Rice Specialists' Training Course (RSTC)* sa Alangalang noong Mayo 2022. Ngunit sa halip na panghinaan ng loob, ito ay ginawa niyang inspirasyon. Siya ay nagtapos bilang isa sa may pinakamataas na marka sa *post-test exam.*

Ang RSTC ay pagsasanay na ipinagkaloob sa mga *extension workers* tungkol sa pagpapalayan mula

JOSHUA P. MENDOZA

Kasangga ni Maria ang kanyang ina na siya ring nagmamay-ari ng JAMPOL *Integrated Farm School* pagdating sa *digital farming*. Bukas ang kanilang isipan sa paggamit ng *digital apps* upang makasabay sa napapanahong pagsasaka.

Hindi natin mapipigilan ang pagbabago ng panahon dahil si inang kalikasan na ang bahala diyan. Ang magagawa lang natin ay palawakin ang kaalaman kung paano makasasabay sa pabagu-bagong klima.

-Engr. Fermina B. Aling

Kung dati si Maria ay isa sa mga nakakuha ng pinakamababang iskor sa kanilang *pre-test* sa RSTC, ngayon isa na siyang ganap na tagapagsanay na gumagabay sa mga magsasaka.

sa pagpili ng binhi hanggang pagsisinop ng ani. Kasama rin dito ang mga estratehiya kung paano epektibong maibabahagi ang kaalaman sa iba.

Ngayon, buong kumpyansa nang nagtuturo si Maria sa mga *farm scholars* ng JAMPOL *Integrated Farm School* sa Alang-alang.

Mga turo sa RSTC

Sa RSTC natutuhan ni Maria na ang hindi sabayang pagtatanim at hindi patag na lupang taniman ang salarin sa pagdumog ng peste sa kanilang palayan. Pag-alala niya, isang beses lang pinadadaanan ng araro ang kanilang bukid.

Nang matutuhan ang sabayang pagtatanim at tamang pagpapatag ng lupa ay bihira na lamang ang pananalanta ng peste sa kanilang bukirin. "Mas episyente rin ang pagpapatubig kapag sabayan ang tanim," dagdag pa ni Maria. Wagi rin ang malusog na pagbulas ng mga tanim na palay dahil walang kaagaw sa nutrisyon mula sa lupa.

Naglaan din sila ng bahagi ng kanilang bukirin para tamnan ng mga gulay na pwedeng pagkakitaan nang mabilisan. "Kung natutuos na natin na malulugi tayo sa El Niño, magtanim tayo ng mga matibay sa tag-init gaya ng siling labuyo, ube, *beans*, at okra," pagbabahagi ni Maria. May *extra income* na, hindi pa nila kailangan ang maraming patubig.

Bukas sa kaalaman

"Maganda talaga ngayon kasi may mga *tools* na pwede nating gamitin gaya ng ating mga *digital applications*, Facebook, at mga *agriculture* o *rice-related websites*. Napapadali nila ang pagkalap ng impormasyong makatutulong sa atin para maging handa, *updated*, at matanaw ang mga posibleng sakit sa dibdib at bulsa na raragasa sanhi ng El Niño. Mainam na maging maalam sa mga subok nang pamamaraan at teknolohiya kung paano matapatan ang pag-init ng panahon na hindi malaki ang mawawala sa atin," panghihikayat ni Maria sa kapwa niya magsasaka.

Katuwang niya sa kanyang adbokasiya sa paksa ng *digital agriculture* ang kanyang ina na si Engr. Fermina B. Aling, may-ari ng JAMPOL. Mula noong napag-aralan ni Engr. Fermina ang kahalagahan ng teknolohiya sa Digital Agriculture Course ng Agricultural Training Institute, isa na siya sa nagtutulak kay Maria na maging aktibo sa paggamit ng internet para makasabay sa napapanahong *digitalization* ng agrikultura.

"Hindi natin mapipigilan ang pagbabago ng panahon dahil si inang kalikasan na ang bahala diyan. Ang magagawa lang natin ay palawakin ang kaalaman kung paano makasasabay sa pabagu-bagong klima," pahabol ni Engr. Fermina.

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
EMOSYONAL

Malasakit sa kapwa, PABOR SA PALAY

CHRISTINE MAE A. NICOLAS AT RHEA R. GUINITA

Magkapitbahay na hindi nag-uusap, nagkakasalubong pero walang pansinan, o 'di kaya'y nag-iiwasan. Mga ilan lamang sa karaniwang drama ng buhay. Drama na maaaring magpakirot sa kalooban na sa tuwina'y apektado na rin maging ang paghahanap-buhay.

Sa pagsasaka naman, patubig ang madalas na puno't dulo ng hindi pagkakaunawaan o pikunan ng mga magbubukid. Mayroon kasing ilan na hindi inaabot ng patubig sapagkat palaging bukas ang pigtas ng mga palayan na nasa bandang unahan ng irigasyon. Gahaman sa tubig ang tawag sa kanila. Ang resulta, hindi umaabot ang tubig sa mga palayang nasa laylayan ng kanal.

Mabuti na lamang nalampasan na ng mga taga-Maria Aurora, Aurora ang mga mapaklang kabanata ng pagbabahaginan ng tubig sa kani-kanilang palayan. Salamat sa teknolohiyang *alternate wetting and drying* o AWD ng DA-PhilRice at IRRI.

Walang lamangan

Gaano man kahusay sa pagsasaka, kung kapos sa malasakit sa palay at kapwa ay bale-wala rin. "Ang tubig ay hindi tulad ng salapi sa bangko na nanganganak habang iniipon nang matagal. Kung sapat na ang patubig, marapat lang na padaluyin ang sobra nang mapakinabangan ng iba," mga katagang nakabaon na sa isip ni Ludovico S. Jorduela, 72, mula Malasin, Maria Aurora.

Ang turo ni Lolo Ludovico, kung hahayaan ng magsasaka na palaging nakabukas ang pigtas ng patubig ay apektado rin ang paglaki ng palay na magreresulta sa maliliit na dahon, kaunting suwi, at pag-itim ng ugat. "Sa palay mo rin ang masamang tama, kasabay ng samaan ng loob sa kalapit mong magsasaka, kung hindi ka magbahagi ng tubig na siyang kailangan din ng palay niya," dagdag pa ni Lolo Ludovico. Para iwas-istres sa palay at kapwa, minabuti ng kanilang asosasyon na magkaroon ng kasunduan sa pangangasiwa sa tubig.

Masistemang pagpapatubig

Nasa 70 magsasaka o higit 185 ektaryang palayan sa Diaat, Malasin, at Estonilo sa Maria

JAIME F. MIGUEL III

Ngiting tagumpay para kina Ludovico (mula sa kaliwa), ang tamang pamamahala ng tubig ay nakapagpabuti sa kanilang pamamaraan sa pagsasaka.

Ang tubig ay hindi tulad ng salapi sa bangko na nanganganak habang iniipon nang matagal. Kung sapat na ang patubig, marapat lang na padaluyin ang sobra nang mapakinabangan ng iba.

-natutuhan ni Ludovico S. Jorduela

Observation well ang magsasabi kung kailangan na bang patubigan ang palayan.

PHILRICE PHOTO

Aurora ang nakikinabang sa sapat na patubig.

Payo ni Engr. Kristine S. Pascual ng DA- PhilRice, magbaon sa mga palayan ng *observation well* na gawa sa biyas ng kawayan o PVC. Kasangkapan ito upang malaman kung kailan kailangang magpatubig. Ang *well* ay may habang 25 sentimetro (sm) na may mga maliliit na butas paikot. Ibinabaon ito 15sm 'pag tag-araw, at 20sm (sandangkal) 'pag tag-ulan mula sa ibabaw ng lupa. Hanggat may tubig pa ang loob ng *observation well* ay hindi pa kailangang palubugin sa tubig ang lupa muli.

Paglalahad ni Pascual, ang paglalagay ng *observation well* sa palayan ay bahagi ng AWD *technology*. Ang AWD ay isang proseso ng kontroladong irigasyon na nakatitipid at nakaiiwas sa aksayadong pagpapatubig ng palay. Kinukondisyon nito ang lupa para mas humaba pailalim ang mga ugat ng palay at mabalanse ang sustansiya ng lupa.

Sa pagsasagawa ng AWD, dadami ang mga palayan na makikinabang sa tubig ng irigasyon lalo na sa mga dulong sakahan. Makatutulong din itong maging maganda at malusog ang palay, tungo sa marangyang ani. Kontrolado pa ang masamang singaw o *methane gas emission* mula sa palayan na nagdudulot ng pag-init ng panahon.

Samantala, kapag natukoy na ang iskedyul ng pagpapatubig sa tulong ng observation well ay maaari nang hindi gumamit ng well para sa susunod na taniman. Siguruhing lang pare-parehas ang kundisyon ng klima sa panahon ng pagpapalayan.

Kabilang din sa pamamahala ng tubig ang sabayang pagtatanim at pagpaplano ng itatanim bukod sa palay na itinataguyod ng DA-PhilRice. Magpahanggang ngayon ay isinasagawa pa rin nina Lolo Ludovico ang pinagkasunduan.

Sa sistemang ito, ang tatlong barangay ay nagkakaayusan kung ano ang itatanim ng bawat isa ayon sa suplay ng tubig na magagamit.

Tuwing tag-ulan kung kailan sagana sa tubig, tatlong sektor ang nagsasaka nang magkakasabay. Kung limitado naman ang suplay ng tubig, hindi lahat ay magtatanim ng palay. Lahat ng desisyon ay idinadaan sa usapan.

Sinisiguro naman ng itinalagang inspektor na si Arturo D. Soriano, 77, ang pakikipag-ugnayan sa mga nasasakupan nang matiyak na tama ang itatanim sa bawat lugar base sa suplay ng tubig na nakalaan sa bawat sineserbisyuhan.

Kung dati'y problemado sa patubig at nagtityaga sa 40 sakong aning palay bawat ektarya, ngayon ay pumapalo na sa mahigit 80 kaban [4 tonelada] tuwing tag-ulan. At dumadaplis naman sa pitong tonelada sa isang ektarya (140 sako) kapag tag-araw ang inaani nina Mang Mario D. Soriano, 60, mula Diaat.

Para kina Mang Mario, Arturo, at Ludovico, mas masarap magtrabaho nang walang kapwa-taong naaapakan o nalalamangan habang sabay-sabay na tumataas ang ani ng bawat isa.

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
PINANSIYAL

BUKOD SA PALAY kumita rin sa gulay

YOBHEL LOUISSE P. BELTRAN AT VANNEZA B. ISIDRO

Tandang-tanda ni Marvin ang Setyembre 2022. Panahong malapit na niyang malasap ang bunga ng kanyang pagsisikap sa pagsasaka, ang anihan. Kadalasan, nasa 100 sako bawat ektarya ang kanyang inaani.

Kagaya ng ibang magsasaka, nakaukit na sa isipan ni Marvin G. Pelayo, 44, mula Atulayan, Polillo Island, Quezon ang kapupuntahan ng kanyang kita sa pagpapalayan. Nariyan ang pamalengke, pambayad sa mga perang nahiram, kuryente, matrikula, at kung anu-ano pa.

Ngunit sa nakapanlulumong pagkakataon, dala ng mabangis na bagyong Karding ay nalubog at halos walang napakinabangan sa kanyang palayan. Hindi nag-iisa si Marvin ngunit masakit pa rin. Mabuti na lamang at hindi lang palayan ang pinaghuhugutan niya ng kabuhayan; pinagkakakitaan din niya ang paggugulayan.

Palay-gulay

Sa anim na ektaryang pag-aari, kalahating ektarya rito ay nakalaan sa gulayan ni Marvin kasunod ng palay. Isa siya sa mga nagsusuplay ng gulay at prutas sa kanilang isla. “Sa paggugulayan, pumalo sa halos P200,000 ang kinita ko kaya nung nasalanta ang palay ko ay may nakapitan pa rin ako. Kaya, huwag ipusta sa iisang puhunan lamang ang pagkakakitaan,” pahayag ni Marvin. Mainam na may iba pang pagkukunan dahil gaano man kagaling sa pagsasaka ay hindi maiiwasan ang kalamidad, paalala niya.

Mula sa pagtatanim ay nakapagpundar na sina Marvin ng kubo kung saan ay kasalukuyang ihinahanda para maging munting karinderya

VANNEZA B. ISIDRO

Patuloy na ibinabahagi ni Marvin ang kaniyang natutuhan sa pagpapalayan para mas mapabuti at maging sapat ang pinagkukunan ng pangangailangan sa agrikultura ng mga mamamayan sa Polillo Island.

> **Sa kalahating ektaryang gulayan, pumalo sa halos P200,000 ang kinita ko kaya nung nasalanta ang palay ko ay may nakapitan pa rin ako. Kaya, huwag ipusta sa iisang puhunan lamang ang pagkakakitaan**
>
> -Marvin G. Pelayo

sa gitna ng kabukiran. Tabing-kalsada ito kaya kitang-kita ng mga dumaraan.

Paghahanda sa El Niño

Malaking tulong din ang *water pump* upang magkaroon ng tubig ang sakahan ni Marvin.

Bilang miyembro ng Libho Atulayan Irrigators' Association, marami ring benepisyo ang natatamasa niya para sa pangangalaga ng palayan tulad ng paggamit ng makabagong teknolohiya. Andiyan din ang combine harvester, rice cutter, tractor, at walk-behind transplanter.

Simula nang umarangkada ang RCEF Seed Program sa lugar, natutuhan din ni Marvin at iba pang magsasaka ang Minus-One-Element Technique na nakatulong sa pagtukoy ng kulang na sustansiya sa lupa.

Nakadalo na rin siya sa *Farmer Field School Training* at nahasa ang kanyang husay sa pamamahala ng peste at sustansiya. Maging pagpapatubig gamit ang *observation well* na bahagi ng teknolohiyang *Alternate Wetting and Drying* (AWD) ay nakilala niya. Sa paraang ito, lulubog-lilitaw ang lupa sa halip na pirming lubog.

Mula naman sa pagpapalitan lamang ng kung anu-anong binhing itatanim, nasanay na rin siyang magtanim ng iba't-ibang sertipikadong binhi ng mga barayti tulad ng NSIC Rc 216, Rc 18, Rc 222, Rc 506, Rc 402 at Rc 508. Kanya-kanyang katangian ang mga ito — masarap kainin, malakas umani o matapang pa sa peste.

Sa pagtatanim ng gulay at palay, panatag si Marvin na masalanta man siya ng matinding tuyot o baha ay maisasalba siya ng kanyang kabuhayan at pitaka, alang-alang sa kanyang pamilya.

PUMILI NG PAGKAKAKITAAN

Magtanim ng gulay kasabay o kasunod ng palay nang masigurong sapat at tuluy-tuloy ang pagkain at kita.

- Nakatutulong itong mapanatili ang magandang kundisyon ng lupa at maiiwasan ang pagdami ng mga peste.
- Bawas *bacterial wilt* at *nematodes* ang pagtatanim ng *sweet pepper* at talong matapos ang pagpapalayan.
- Pangontra sa *nematodes* ang sitaw na turo, nakatutulong pa sa pagtaas ng ani ng palay nang 30-80%.

Mag-alaga ng baka, manok, bibe, o kambing. May sariling ulam na, wagas pa ang kita sa kanilang gatas, itlog, o karne. Dayami o pinag-anihan at mga damo ang dagdag pagkain ng mga alagang ito.

Magpatubo at magbenta ng kabute, gamit ang dayami. Ang pinagtubuan ng kabute ay pwedeng ipakain sa hayop o sangkap sa *vermicomposting*, kasama ang dumi ng hayop.

Gumawa at magbenta ng organikong pataba tulad ng *vermicompost*. Tipid na sa inorganikong pataba, makakalikasan pa!

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
PINANSIYAL

Iwas bokya ‘pag may CROP INSURANCE

HANAH HAZEL MAVI B. MANALO

Hindi man mapipigilan ang mga pangyayari o pag-aalburuto ng kalikasan tulad ng matinding baha, bagyo, lindol, pagputok ng bulkan, tuyot, o ‘di kaya’y lubhang pamiminsala ng peste at sakit sa palayan, may paraan pa rin upang masiguro na hindi tuluyang malugi at masimot ang puhunan.

Bukod sa tamang pag-aalaga ng palayan, ang Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC) ay nagbibigay ng proteksyon sa mga magsasaka. Kung kaya, magpaseguro tuwing panahon ng sakahan. Bulsa man minsan ay nabubutas, hindi naman ito ganap na matatastas.

Mga sigurista

Kahit may banta ng El Niño, hindi gaanong kinakabahan sina magsasakang Richard D. Hiponia, 53, at Luz P. Macanit, 54, ng Mondragon, Northern Samar. Pinaseguro na nila ang kanilang mga palay sa PCIC sa murang halaga, kadalasan ay libre pa.

Masakit man alalahanin, ang mapait nilang karanasan kung saan sila’y nabokya sa pagpapalayan ang siyang nakapagturo na laging ipaseguro ang tanim.

Ibinida pa ni Luz na mahalaga ang *crop insurance* dahil kahit papaano may naibabalik na pera at hindi tuluyang nabubutas ang kaniyang bulsa.

“Libre lang naman ang magpaseguro ng tanim hanggang limang ektarya basta rehistrado sa RSBSA (Registry System for Basic Sectors in Agriculture), kaya talagang walang talo sa pagpapaseguro,” ambag naman ni Richard sa usapan.

> **Libre lang naman ang magpaseguro ng tanim hanggang limang ektarya basta rehistrado sa RSBSA (Registry System for Basic Sectors in Agriculture), kaya talagang walang talo sa pagpapaseguro.**
>
> -Richard D. Hiponia

Babala ni Luz na huwag lamang umasa sa iisang pinagkakakitaan lalo ‘pag naghahamon ang mga natural na kalamidad gaya ng El Niño para ‘di tuluyang mabokya. Naghahabi ng bubong at dingding mula sa nipa at nagluluto rin siya ng mga kakanin bilang pandagdag-kita. Si Richard naman ay nagmamay-ari ng panaderya at nagkokopra pa.

Puro panalo

Masayang ibinalita ni Pablito D. Lusantas, *insurance adjuster* ng PCIC, na noong 2022 ay halos 70% ng mga magsasaka sa Northern Samar ay nagpaseguro ng palay. Paglilinaw ni Lusantas na iba-iba ang makukuhang seguro depende sa kalubhaan ng pinsala at halaga ng gastos sa produksyon.

Gayunpaman, umaasa siya na magpapatuloy ito, dahil wala namang bayad ang pag-aaplay ng *insurance*. Tulong ito mula sa gobyerno, kaya walang talo sa pagkuha nito.

REUEL M. MARAMARA

Proseso ng pagpapaseguro sa PCIC

- Magpatala muna sa RSBSA.
- Ihatid ang *application for crop insurance* sa municipal/city agriculture officer (M/CAO) o sa *regional office* ng PCIC.
- Kapag naaprubahan ang *application,* magbibigay ang PCIC ng *certificate of insurance cover.*

Proseso ng paghahabol ng pakinabang

- Kung ang pagkalugi ay sanhi ng natural na kalamidad at pamiminsala ng peste at sakit, ihatid ang *Notice of Loss* sa PCIC *regional office* o M/CAO sa loob ng 10 araw matapos ang pamiminsala, o hindi lalagpas ng 20 na araw bago mag-ani.
- Sisiyasatin ng PCIC ang naapektuhang bukid. Maituturing na walang pagkalugi kung ang napinsala ay 10 porsiyento pababa.
- Gagawan ng *report* ang mga napinsalang palay. Susuriin ang *report* bago ito aprubahan ng PCIC.
- Sa loob ng hanggang 60 araw, matatanggap ang bayad mula sa PCIC.

Mahalaga ang *crop insurance* dahil kahit papaano may naibabalik na pera at hindi tuluyang nabubutas ang kaniyang bulsa.

-Luz P. Macanit

Hangad nina Richard at Luz na mas marami pa sanang magsasaka ang magpaseguro ng kanilang palayan nang may masandalan pa rin sakali mang masalanta ito.

PAGHAHANDA SA EL NIÑO:
ESPIRITWAL

JAIME F. MIGUEL III

Buong pusong kinakanta nila Merle (mula sa kaliwa), Rosela, Noli, kasama ang ilang mga kabataan ng tribong Panay-Bukidnon tuwing anihan ang kanilang sariling komposisyong awit na, "Selebrasyon: Pagkaon sang Bag o nga kan on (Pagkain ng bagong aning kanin), bilang pasasalamat sa 'Ginoo' para sa kanilang magandang ani.

Bahala ang "GINOO"

▶ **ANNA MARIE B. BERTO**

Marso 2023 nang unang inanunsyo ng PAGASA na babalandra ang El Niño sa bansa simula Hunyo hanggang kalagitnaan ng 2024.

Natunghayan nila Rosela B. Lopez, 60; Merle C. Lipalin, 61; at Noli L. Lasanas mula sa tribong Panay-Bukidnon sa Lambunao, Iloilo ang balitang ito sa telebisyon, sa radyo, maging sa YouTube. Nakatira man malapit sa bundok ay nabiyayaan naman sila ng *signal* para makasagap ng impormasyon.

"Hindi maganda sa pakiramdam noong marinig ko ang balita. Alam ko na masisira ang mga pananim namin kapag natuloy ang El Niño dahil kung magkaroon man ng tagtuyot, kakaunti na ang tubig. Ulan lamang ang pinagkukuhanan namin ng irigasyon," lahad ni Rosela, na *chairperson* ng kanilang *Municipal Agriculture and Fishery Council*.

Aniya, malaking kawalan sa kanila kung mamalasin dahil ang aanihin sana nila ay pangunahing pagkain ng kanilang mga pamilya.

Dasal at ritwal

Kahit may banta ng El Niño, kagyat at sabay-sabay nanalangin ang magkakatribo noong Marso.

"Magkakaiba man kami ng simbahang pinupuntahan ay pare-parehas naman kami ng ipinagdasal noong buwan na iyon. Bahala ang 'Ginoo' sa amin," pagtatapat ni Noli.

Pagkatapos ng yugto-yugtong pagdarasal, at pagsamba, agad na rin silang naghanda upang magtanim. Noong Abril, pagkatapos linisin ang ilang bahagi ng bundok na natatamnan ay sinabayan na rin nila ng mga nakasanayang ritwal ang taniman.

"Bago ka magtanim, taimtim kang bumulong muna sa Taas, dahil kung wala ang 'Ginoo', wala tayong magagawa. Pagkatapos, bubulungan din namin ang mga butil," siwalat ni Merle.

"Tumubo nawa kayo at magbunga ng marami upang hindi kami magutom," hiling niya sa mga binhi.

Sabi naman ni Noli, kalendaryo ang ginagawa nilang basehan para sa taniman. Maganda nga raw magtanim sa kalagitnaan ng *full* at *new moon,* at *low tide,* dahil ibig sabihin nito ay kasing bilog ng buwan ang ani, at kasing baba ng *tide* ang bilang ng binhi na kailangang ipunla.

Nagtatanim sila ng tanglad sa gilid ng palayan at naghahangad na sana ay kung gaano ito kakapal paglaki ay ganun din ang kanilang mga palay.

“Bago ka magtanim, taimtim kang bumulong muna sa Taas, dahil kung wala ang ‘Ginoo’, wala tayong magagawa. Pagkatapos, bubulungan din namin ang mga butil.”

-Merle C. Lipalin

Nilalagay nila ang mga binhi sa dawin, isang maliit na basket na nakatali sa kanilang baywang. Laman din nito ang sariwang itlog ng manok at luya. Ang itlog ay pinaniniwalaang simbolo o anting-anting na ang kanilang magiging ani ay malaki. Ang luya naman ay panaboy sa mga elementong hindi nakikita ngunit aali-aligid at maaaring makasira sa tanim. Luya ang gamit ng tribo bilang panggamot sa mga sakit ng tao.

Kada tatlong araw, nililibot, ginagalugad, kinakamusta, at inoorasyunan din nila ang kanilang palayan.

Himalang kasagutan

Nitong Hulyo ay masayang nag-aabang ang tatlo. Hindi man maipaliwanag ay mukhang mabisa at tumalab ang dasal at ritwal nila. Sa mga sumunod na balita, malinaw na may kabagalan ang pagdating ng El Niño. Noong Hunyo, ayon sa anunsyo ay mangyayari ang tagtuyot sa mga huling buwan pa ng taon – sa mismong panahon na hindi nakatakdang magtatanim ang mga magsasakang Panay-Bukidnon. Mistulang umayon ang ‘Ginoo’ kina Rosela, Merle, Noli, at sa buong tribo. Sagana sa ulan noong sila ay nangailangan. Sa ngayon ay namumuro na ang kanilang mga tanim. Isang buwan na lang, anihan na, at wala na silang problema sa tubig.

“Itong mga ritwal, hindi madaling paniwalaan pero may katotohanan. Wala namang mawawala kung isagawa man. Subok na namin ang mga ‘yan. Dati ‘yung ibang kasama namin na hindi sinunod yung mga tradisyon, hindi naging maganda ‘yung ani nila,” saad ni Noli.

Ayon kay Rosela, hindi rin daw nagkukulang ang kanilang tribo sa pagtatanim ng mga puno sa bundok at sa gilid ng ilog.

Dagdag naman ni Merle, mahalagang manampalataya dahil ang bawat dasal at hiling nila ay pinakikinggan daw ng ‘Ginoo’. Patunay nga ang nalalapit na nilang anihan.

Gamit ang iba’t-ibang tradisyunal na barayti, gaya ng Palawan, Azucena, Malido, Tinuramis, at Magsanaya na itinanim nila sa burol at bundok, at mga makabagong barayti gaya ng NSIC Rc 436 naman sa patag, inaasahan nila ang 60 hanggang 90 kaban na ani sa tig-iisa nilang ektarya.

Handa silang magpuri at magpasalamat sa kanilang ‘Ginoo’ makamit man o hindi ang inaasam nilang masaganang ani. ◘

ANNA MARIE B. BERTO

JAIME F. MIGUEL III

Tulad ng mga magsasaka ng tribong Panay-Bukidnon, dasal din ang panangga nina Rachel A. Mateo, 58; Felipe A. Ganancial, 68; at ng buong tribong Ati mula Sitio Nagpana, Brgy. Lipata, Barotac Viejo, Iloilo, nang malaman nila sa telebisyon na magkakaroon ng El Niño.

“Kahit may El Niño, nagtatanim pa rin ako. Ipinagpapasa-Diyos ko na lang. Kailangan manalangin dahil kung hindi namin gagawin, mawawalan kami,” kwento ni Rachel.

Gayunpaman, hindi sila masyadong nag-aalala dahil may sagot na nga raw ang ‘Ginoo’ sa kanilang dasal dati pa.

“Biniyayaan Niya kami ng bundok at mga puno na panggagalingan ng patubig namin, at kung anu-ano pang halaman na pangkain,” paniniguro niya. (Isinalin sa Filipino ni Claire Marie Paltu-ob, Department of Agriculture Western Visayas)

BIDA RiceBIS

Be the rice's best!

RICE
Rice ay gawing negosyo

B
Bilhin ang bigas ng Pilipinas

I
Ibahagi ang RiceBIS

S
Suportahan ang ating magsasaka

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
PHILRICE
PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

DA-PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION
Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija

BRANCH STATIONS:

DA-PhilRice Batac, MMSU Campus, City of Batac, 2906 Ilocos Norte; Mobile: 0919-944-3016; Email: batac_1.station@mail.philrice.gov.ph
DA-PhilRice Isabela, Malasin, San Mateo, 3318 Isabela; Mobile: 0999-889-3027; Email: isabela.station@mail.philrice.gov.ph; philriceisabela3318@gmail.com
DA-PhilRice Los Baños, UPLB Campus, Los Baños, 4031 Laguna; Tel: (49) 501-1917; Mobile: 0993-631-9175; Email: losbanos.station@mail.philrice.gov.ph
DA-PhilRice Bicol, Batang, Ligao City, 4504 Albay; Tel: (52) 431-0122; 742-0690; 742-0684; Email: bicol.station@mail.philrice.gov.ph
DA-PhilRice Negros, Cansilayan, Murcia, 6129 Negros Occidental; Mobile: 0909-129-3763; Email: negros.station@mail.philrice.gov.ph
DA-PhilRice Agusan, Basilisa, RTRomualdez, 8611 Agusan del Norte; Telefax: (85) 806-0463; Email: agusan.station@mail.philrice.gov.ph
DA-PhilRice Midsayap, Bual Norte, Midsayap, 9410 Cotabato; Mobile: 0938-374-1040; Email: midsayap.station@mail.philrice.gov.ph

SATELLITE STATIONS:

Mindoro: Alacaak, Sta. Cruz, 5105 Occidental Mindoro; Mobile: 0919-495-9371
Samar: UEP Campus, Catarman, 6400 Northern Samar; Mobile: 0921-555-5500; 0948-754-5994; Email: jasienes@exchange.philrice.gov.ph
Zamboanga: WMSU Campus, San Ramon, 7000 Zamboanga City; Mobile: 0975-526-0306

DA-PhilRice Field Office, CMU Campus, Sayre Highway, Musuan, Maramag, 8714 Bukidnon; Mobile: 0909-822-9813; Email: philricefocmu.2019@gmail.com
Liaison Office, 3rd Floor, ATI Building, Elliptical Road, Diliman, Quezon City; Mobile: 0928-915-9628

PhilRice TV | www.philrice.gov.ph | www.pinoyrice.com | 0917-111-7423 | DA-PhilRice | prri.mail@philrice.gov.ph